REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 90-171

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KGG. NA DIREKTOR NG NATIONAL IRRIGATION ADMINISTRATION (NIA) NA ANG BAHAGI NG LUPANG DINAANAN NG TUBO NG PATUBIG NG NIA MAGBUHAT SA TREELANE PARK SUBDIVISION HANGGANG SA EXPRESSWAY AY MAGING BARANGAY ROAD NG BARANGAY PUTATAN.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang bahagi ng lupang ito ng NIA ay mismong naglagos sa tagiliran ng mga loteng nabili ng National Home Mortage Finance Corporation para sa mahihirap na walang bahay-tirikan;

SAPAGKAT, marami nang naninirahan o nakatayong mga bahay sa gawing Timog Kanluran at Hilagang Silangan ng dinaanan ng patubig ng NIA;

SAPAGKAT, kung magkakaroon nang katuparan na ang lupa ng mga Arciaga, Esporlas at Hernaez ay mabili para maging Pambayang Libingan ay dito rin sa NIA ang magiging daan;

SAPAGKAT, sa panahon ng tag-ulan lahat ng naninirahan sa tagiliran ng NIA ay nagdaranas ng hirap sa paglalakad patungong Soldiers Hills sapagkat nagpuputik ang daan;

NGAYON DAHIL DITO, Ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na hilingin sa Kgg. na Direktor ng National Irrigation Administration (NIA) na ang bahagi ng lupang dinaanan ng tubo ng patubig ng NIA magbuhat sa Treelane Park Subdivision hanggang sa Expressway ay maging barangay Road ng barangay Putatan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan sa kanilang pang isangdaan at tatlumput-anim 136th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-20 ng Disyembre 1990.

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pang. Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN NI :

Atty. RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

RRC/liz